

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 12, 2021

Kontak: Pinagsamang Sentro ng Impormasyon sa Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Bubuksan ang Site na may 102-Kwartong Pansamantalang Pabahay Para sa mga Taong Maglilipat sa Permanenteng mga Solusyon sa Pabahay

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach, sa Marso 15, 2021, ay magsisimulang magpatakbo ng 102-silid na pansamantalang pabahay para sa mga taong nagtatrabaho upang ilipat sa permanenteng mga solusyon sa pabahay. Ang site ay napalitan mula sa isang dating Best Western Hotel sa 1700 block sa Long Beach Boulevard, at ginawang posible sa pamamagitan ng Estado ng California sa Departamento ng Pabahay at Programa ng Homekey at Kaunlaran ng Komunidad (Housing and Community Development's - HCD).

“Alam natin na ang pansamantalang pabahay ay nagbibigay ng mahalaga at kinakailangang katatagan upang matulungan ang mga tao na lumipat mula sa kawalan ng tirahan, “ sinabi ni Alkalde Mayor Robert Garcia. “Walang tanong na ang kakulangan ng abot-kayang pabahay sa Long Beach ay nananatiling hadlang para sa mga taong nagtatrabaho patungo sa kanilang layunin sa pabahay. Ito ay isang mahalagang hakbang sa patuloy na gawain ng ating lungsod upang maalis ang kawalan ng tirahan.”

Noong Martes, Pebrero 16, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkasundo na iginawad ang isang kontrata sa The Illumination Foundation, ng Orange, CA upang magbigay ng mga pagpatakbo ng site na magsilbi sa mga may sapat na gulang na nakakaranas o nasa peligro na maranasan ang kawalan ng tirahan, na may hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na pamantayan:

- May edad na 65 na taong gulang o pataas

- Kung ang indibidwal ay mayroong isang kondisyon na napapailalim sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa isang kategorya na may panganib na mataas para sa mga komplikasyon mula sa Covid-19
- Kung sila ay nakikibahagi sa mga serbisyo at nasa proseso ng pagsangguni sa isang mapagkukunan sa pabahay.

“Ang programang ito ay magbibigay ng tirahan at iba pang mga kritikal na mapagkukunan para sa mga pinaka-mahina at nanganganib,” sinabi ni Konsehala Mary Zendejas ng Long Beach. “Ito ay isang pribilehiyo upang dalhin ang inisyatiba na ito sa Unang Distrito habang magpapatuloy kaming maghanap ng mas makabago at mapapanatiling mga paraan upang labanan ang kawalan ng tirahan dito sa Long Beach.

Ang mga serbisyong magagamit sa mga kliyente alinman sa onsite o sa pamamagitan ng referral ay kasama ang:

- Pang araw-araw na pagkain
- Transportasyon sa mga mahahalagang apoyntment
- Akomodasyon para sa suportang serbisyo/pang-emosyonal sa mga hayop
- Mga serbisyo sa Kalusugang pangkaisipan at pisikal
- Pamamahala sa kaso na nakasentro sa kliyente
- Mga plano sa indibidwal na katatagan
- Pagpapaunlad ng trabaho
- Mga programa sa karahasan sa tahanan
- Pamamahala ng istres/galit
- Edukasyon sa kalusugan at kabutihan
- Serbisyo sa may karamdaman na gumagamit ng mga Substance

Ang bawat silid ay magkakaroon ng mga kasangkapan at lino at pribadong banyo. Mayroong mga tauhan sa site at mayroon 24/7 na seguridad.

Ang layunin sa Programang Pansamantalang Pabahay ng Lungsod ay ilipat ang mga tao sa permanenteng pabahay sa lalong madaling panahon na magagamit ito,” sinabi ni Direktor sa Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Kelly Colopy. “Pupunuin ng proyektong ito ang isang mahalagang puwang sa pamamagitan ng pag-aalok ng maraming mga landas sa permanenteng pabahay.

Ang Project Homekey ay isa sa mga serye ng mga bagong serbisyo para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Bago ang pagbubukas ng site ng Project Homekey na ito, nagtrabaho ang Lungsod upang pigilan ang pagkalat ng Covid-19 sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng bahayang hindi nagtitipon-tipon sa mga taong may mataas na peligro para sa kalusugan mula sa Covid-19 sa pamamagitan ng pagkakaroon ng 133 mga silid na naglilingkod sa mga walang asawa o mag-asawa na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa site ng Project Roomkey. Ang Pamayanan ng Pabahay ng Atlantic Farms Bridge ay isang pag-unlad na istilo ng nayon na maaaring tumanggap sa 125 katao na nakakaranas ng kawalan ng tirahan, ay binuksan din kamakailan, at ang Safe Parking Pilot, na may kapasidad para sa 15 mga kotse ay nagbibigay ng seguridad, banyo, at mga suportang serbisyo para sa mga taong nakatira sa kanilang mga sasakyan ay inaalok sa Multiservice Center.

Bilang karagdagan, inilunsad ng Kagawaran ng Kalusugan ang Bridge Initiative, na nagdaragdag ng pag-abot at pakikipag-ugnayan ng mga bagong bukas na pagkakataon sa pabahay na naghahatid sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Pinagsasama-sama ng inisyatiba ang mga kagawaran ng Lungsod kabilang ang mga Manggagawa sa Pangkalusugan at Pantao, Mga Opisyal ng Departamento ng Kapulisan para sa kalidad ng buhay ng mga opisyal, ang Pangkat ng Fire Department HEART, at ang pangkat ng Public Works Clean Team, pati na rin ang mga manggagawa sa programang mag-abot tulong sa mga hindi pangkalakal na organisasyon, upang iugnay ang mga aktibidad sa paglilinis sa loob ng lugar.

Noong Hulyo 2020, inihayag ng Gobernador ng California na si Gavin Newsom ang nagkakahalagang \$600 na daang milyong dolyar para sa Programang Homekey upang higit na mapalawak ang pabahay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan at naapektuhan ng Covid-19.

Para sa mga impormasyon sa mga serbisyo ng lungsod tungkol sa kawalan ng bahayan, bisitahin ang, visit longbeach.gov/health.

###